



BARINGKUAS

REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN NG CAGAYAN VALLEY

2021

ENERO - MARSO

P20.00

EDITORIAL

Pamunuan ang Masa, Ilunsad ang mga Opensiba



Matindi at tumitindi pa ang pagdurusa ng mamamayang Pilipino sa paghihikahos at pagsasamantala. Pinabilis ng krisis ng pinansya noong 2008 at ang kasalukuyang pandemya ang pagbulusok ng naghihingalong sistemang malakolonyal at malapyudal ng bansa.

Sumadsad ang ekonomiya ng buong bansa, na pinakamatindi na magmula noong pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kawalang-katiyakan, desperasyon at pagkawasak ang idinulot nito sa maraming buhay at kabuhayan ng masa. Napakaraming nawalan ng trabaho na mga manggagawa, mala-manggagawa, petiburges, at mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibayong dagat. Marami pang nagsarang mga maliliit at malalaking negosyo. Tumigil sa pagtakbo ang 75 porsyento

ng ekonomiya dahil sa krisis na lumalala pa ngayong panahon ng pandemya.

Wala mang pinipiling tamaan ang bayrus, pinakamatindi ang hambalos nito sa mga maralita at mababang panggitnang magsasaka at manggagawang-bukid, na siyang pinakamarami sa rehiyon. Patuloy at sumidhi ang pang-aagaw ng lupa at pagkakait sa karapatan ng mga magsasaka at pambansang minorya sa pag-aari sa lupa, at

maging ang iba't ibang tipo ng malapyudal na pagsasamantala sa kanila. Ang mga magsasaka na siyang prodyuser ng pagkain ay araw-araw na namumrublema kung saan kukuha ng kakainin at ikabubuhay ng kanilang pamilya.

Isang taon na ang lumipas, pero hanggang ngayon, usad-pagong pa rin ang "mass" testing, mahina ang *contact tracing*, kulang ang mga pasilidad para sa kwarentina. Noon pang nakaraang taon nag-umpisa ang pagbabakuna sa maraming bansa at mayroon namang inutang ang rehimen para pambili ng bakuna. Subalit, sobrang bagal pa rin hanggang ngayon ang pagbabakuna, at

NILALAMAN

EDITORIAL

- 1 Pamunuan ang Masa, Isagawa ang mga Opensiba

KASALUKUYANG KALAGAYAN

- 4 Nagdurusa ang Mamamayan ng Cagayan Valley
- 6 Ang Katotohanan sa Likod ng mga Pagdadahilan
- 8 Pagmimina sa Ilog Cagayan sa tabing ng “Dredging”

PASISMO NG ESTADO

- 10 Larawan ng Pasistang Berdugo
- 11 ‘Barangay Development Fund’: ‘Pork Barrel’ ng mga Heneral
- 13 Bogus na Pagpapasurender ng AFP, Kinundena
- 14 Pagdakip kay Calixto Cabildo

KILUSAN NG KABABAIHAN

- 15 Interbyu kay Ka Marly:

ARMADONG PAKIKIBAKA

- 18 Interbyu kay Ka Elias Almazan
- 20 Baseng Masa ng Rebolusyon: Lumalawak, Lumalalim

ALAM NIYO BA?

- 22 150 Taon ng Komuna ng Paris

KULTURA

- 23 Tula: Hindi Lamang Numero ang Limampu’t Dalawa

ilang daang libo pa lang ang nababakunahan. Ito ay dahil sa ang malaking bahagi ng inutang ay ibinulsa na ni Duterte at ng mga kasapakat niya. Ang Pilipinas nga ang pinakahuling bansa sa Asya na nagsagawa ng pagbabakuna. Ngayon ay ibinalik na naman ang *lockdown* sa *National Capital Region* at mga kalapit na probinsya dahil sa biglaan na namang pagdami ng mga bagong naimpeksyon.

Samantala, P2.5 bilyon lamang mula sa pambansang badyet ng 2021 ang inilaan ng rehimen para sa bakuna. Sa kabila nito, napakalaki ng inilaan para sa imbing kampanya nitong “kontra-insurhensiya”- P19 bilyon para sa *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC) at P33 bilyon para sa “modernisasyon” diumano ng *Armed Forces of the Philippines*. Paralisado na rin ang mga ospital sa mga syudad sa araw-araw na pagbugso ng mga naiimpeksyon ng Covid-19, pero higit na kalunos-lunos ang kalagayan ng mga ospital sa probinsiya at kanayunan. Lahat ng ito ay repleksyon lamang ng kawalang-malasakit ng kasalukuyang rehimen sa pangkagalingan at kalusugan ng mamamayan!

Hindi ang pagsugpo sa pandemya at pag-ahon ng mamamayan mula sa nakaratay na kalagayan ang prayoridad ni Duterte, kung hindi ang pangungunsinti sa mga kagustuhan at pagkabusog ng mga militar. Mas matinding bulgarang

paggasta at korapsyon sa pondo ng bansa, kasabay ng pinasidhing militarisasyon at terorismo ng estdo ang sagot ni Duterte sa pandemya. Sa pamamagitan ng *Anti-Terror Law*, lumubha pa ang *red-tagging*, panggigipit, panlilinlang, pinsala, pagdakip at pagpatay sa kahit sinumang pagsuspetsahan ng militar at pulis, sa kanayunan man o sa syudad. Gayundin ang mga magastos at matatagal na operasyon, pagbababad at pagkampo ng militar sa mga baryo. Mas nakakaligalig pa ang mismong pagpapabaya at kawalang-hiya ng kanyang rehimen kaysa sa mismong bayrus na Covid-19.

Naghahabol si Duterte naisagawa ang interes nitong palawigin ang paghahari, na lampas sa Hunyo 2022. Pinabilis ng mga bunggoy niya sa Kongreso na lutuin ang pagbabago sa konstitusyon. Plano nilang pahigpitin pa ang kontrol ng mga malalaking dayuhang kapitalista sa ekonomiya ng bansa at ipatupad ang awtoritaryan at diktaduryang paghahari sa ngalan ng “pederalismo”. Tinatangka rin ni Duterte na makaiwas sa pagkabilanggo at sentensya sa maraming krimen nito sa pagtatapos ng kanyang termino bilang presidente. Malaki ang posibilidad na ang anak niya na si Sara, na alkalde ng Davao City, o ang isa pang pinagkakatiwalaang tauhan, ang patatakbuhing presidente, kung pahihintulutan nito ang eleksyon sa Mayo 2022.

Dahil sa marahas na pag-atake ng estado at mga restriksiyong

Ang *BARINGKUAS* ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Cagayan Valley. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyon ng Cagayan Valley isang beses sa bawat tatlong buwan.

Hinihikayat ng patnugot ang mga mambabasa na mag-ambag para sa ikauunlad pa ng ating pahayagan. Magpadala ng komentaryo at rekomendasyon, balita at rebolusyonaryong mga karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga sulat sa:

baringkuascagval@gmail.com

ipinapatupad sa panahon ng pandemya, nahahadlangan ang mamamayan na magprotesta at magmartsa sa mga kalsada. Gayunman, pleksible nilang ipinamamalas ang kanilang paglaban sa angkop na mga pamamaraan.

Sa tumitinding pagdurusa ng mamamayang Pilipino, dumarami ang nakakapagtanto na lahat ng ito ay dahil mismo sa kapabayaan at kasakiman ng rehimen. Kaya kahit ilang beses pang pumutok ang pakikibaka ng mamamayan, bulkang hindi mapipigilang sumabog at bumuga ng naiipon na pagkapoot ng sambayanan laban sa walang kasinglupit na naghaharing estado. Ang matinding krisis, tiranya at pandemya ay napakatabang lupa na magtutulak sa paglaki at paglakas ng digmang bayan. Sa tamang panahon, mayayanig ang bansa sa pagdaluyong ng lumalakas na paglaban ng mamamayan.

Tungkulin ng Partido Komunista ng Pilipinas at mga pinamumunuan nitong rebolusyonaryong pwersa na magpakatatag at magpakahusay para pamunuan ang mamamayan sa kanilang paglaban. Una sa lahat, dapat na tanggapin at tanganan ang paborableng kalagayan at gayundin ang pusisyon at kakayahan ng mga rebolusyonaryong pwersa. Magbubunga ito ng marami at malalaking benepisyong para sa masa. Gayundin ang mabilis na pag-abante ng iba't ibang larangan ng gawain sa Pambansa-demokratikong rebolusyon na itinatataguyod sa pamamagitan ng digmang bayan.

Susing tungkulin ng mga kumand at yunit ng *New People's Army* na itaas ang kakayahan at paigtingin ang malawak at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim

na baseng masa. Ang tungkuling ito ang kabuuan ng iba't ibang tungkulin ng NPA sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan na pinagsisilbi sa kagyat na layuning pamunuan ang pag-unlad ng pakikibaka ng mamamayan.

Magpaunlad tayo sa pagpapasigla sa mga taktikal na opensiba bilang talim ng sibat ng kabuuang malawak na pakikibaka ng mamamayan laban sa rehimen ng Duterte, sa magkakaibang paraang armado at di-armado. Ang mga opensiba ng NPA, sa pangunahin ay makadudurog ng mga yunit ng kaaway at makakakumpiska ng armas, na kakumbina ng iba-ibang tipo ng atritibong aksyon.

Para magmateryalisa ang mga opensiba, kailangang itaas ang kakayahan sa gawaing paniktik, sanayin at ihanda ang mga kumander at mandirigma sa pagsasagawa ng mga anihilatibong aksyon. Kasabay nito, iwasan ang mga dependensiyang labanan.

Sa pamamagitan lamang ng paglaban at pag-opensa na lalaki at lalakas ang NPA. Kasabay nito, isagawa pa rin ang mga kampanya sa pagrerekluta ng Pulang mandirigma. Ipatimo natin sa mamamayan na napakahalaga at napakamarangal ang pagiging isang Pulang mandirigma, lalo ngayong panahong walang kaparis ang krisis, pang-aapi at pagsasamantala. Magagawa ito sa proseso ng pag-abot sa mas malawak na masa sa mga gawaing pagpapalawak at konsolidasyon, sa pangangasiwa sa mga kampanya at kilusang-masa, pagtatayo at pagpapalakas sa mga organisasyon at Pulang Organo ng Kapangyarihang Pampulitika ng mamamayan, at sa pagitan ng mga taktikal na opensiba. Pakilusin sa mga ito ang dumaraming sangay ng Partido sa Lokalidad, yunit milisya at

rebolusyonaryong organisasyong masa.

Mahigpit na kasabay ng mga taktikal na opensiba ng NPA ang mga pampulitikang opensiba ng rebolusyonaryong kilusang masa, sa kanayunan man o sa kalunsuran. Napakarami ng mga problemang pangkabuhayan at pulitikal ng masa na dapat na harapin at pamunuang labanan. Sanayin at itaas ang kakayahan ng mga rebolusyonaryong aktibista sa paglagablab ng mga pakikibakang masa.

Pausbungin ang libong kadre ng Partido, aktibista at lider-masa na nagpapakahusay sa mga kampanya at pakikibakang masa. Magpakahusay kung paanong habang isinasagawa ang mga pagkilos ay maiaabante naman ang mga gawaing ahitasyon, pagbibigay ng mga pag-aaral, pagpapataas sa antas ng organisasyong masa. Gayundin ang pagbubuo at pagpapalakas sa mga yunit at komite ng Partido para patuloy na nakokonsolida at makapagkamit ng mas marami pang mga tagumpay.

Dapat na idugtong ang lahat ng isyu at paglaban ng mamamayan hinggil sa pagsasamantala at pang-aapi sa pagkilos para patalsikin si Duterte at bunggoy nito sa poder. Ang bunggoy ni Duterte ang kumakatawan sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo sa kasalukuyan. Idirihe ang pangunahing atake ng kilusang masa laban dito.

Napakahalaga na bahagi ng maraming tungkulin ang pagpapasigla sa gawaing propaganda. Itaas ang pagpapahalaga at kakayahan ng lahat ng yunit ng NPA at rebolusyonaryong organisasyon sa mga kanayunan at kalunsuran sa pagpapatupad sa gawaing ito.

Panghawakan at paunlarin pa ang gawain sa nagkakaisang prente. Malaki ang potensyal nito sa kalagayang lahat ng uri ay naapektuhan ng matinding krisis, tiranya at pandemya. Abutin at paramihin ang mga panggitnang pwersa at iba pang matataas na uri na maaaring makaisa. Ito man ay batay sa partikular na anyo ng pagsasamantala at pang-aapi, pagpapatalsik sa rehimeng Duterte, o pagsuporta sa NPA at armadong pakikibaka.

Palakasin ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Patuloy na isabay ang mga tungkulin nitong pang-ideolohiya at pampulitika sa pagpapatupad ng mga tungkulin sa pagbubuo ng Hukbo at pag-abante ng armadong pakikibaka, rebolusyonaryong kilusang masa at nagkakaisang prente.

Palaging nasa opensibong postura ang rebolusyonaryong kilusan dahil tangan nito ang tamang linya, pagsusuri, programa, pamamaraan ng pagkilos at suporta ng malawak na masa. Mataas ang kumpyansa

nating kakayanin ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa na harapin at pangibabawan ang marami at mabibigat na tungkulin, kahirapan, pagsubok at sakripisyo sa proseso ng pagtataguyod ng digmang bayan.

Nasa matatag na pusisyon ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon para pamunuan ang malawak na masa sa pagdaluyong ng kanilang pakikibaka at sa pagkamit ng mas maraming tagumpay, sa taong ito at sa mga susunod pa. **B**

KASALUKUYANG KALAGAYAN

Nagdurusa ang Mamamayan ng Cagayan Valley

(halaw sa "Kamtin ang Malalaking Pagsulong ng Digmang Bayan" ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Cagayan Valley, Marso 29, 2021)

Bilang bahagi ng pambansang sistemang malakolonyal at malapyudal, lalo pang nagdurusa ang mamamayan ng Cagayan Valley sa matinding hagupit ng tuluy-tuloy na krisis sa ekonomya at pasistang terorismo ng estado. Pinakamabigat ang tama nito sa mga maralita at nakabababang-panggitnang magsasaka, manggagawang bukid at pambansang minorya na bumubuo ng malaking mayorya ng populasyon sa rehiyon.

Patuloy ang marami at iba't ibang anyo ng pangangamkam ng lupa at pagkakait ng karapatan sa lupa ng mga magsasaka at pambansang minorya. Ineengganyo ng estado, na tumatayong pinakamalaking panginoong maylupa sa rehiyon, ang mga mapangamkam-ng-lupang proyekto ng mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno (katulad ng mga sinaklaw ng *National Greening Program*) at mga pribadong kompanya sa enerhiya (katulad ng *solar power*) at agri-business.

Malaganap ang mga kaso ng pang-aagaw ng lupa ng mga burukratang panginoong maylupa katulad ng ginagawa ng mayor ng Sto. Niño, Cagayan at mga usurero-komeryanteng nang-iilit ng lupa sa mga magsasakang hindi nakabayad ng napakataas at patung-patong nilang painteres sa pautang. Patuloy na ipinagkakait sa libu-libong mga magsasaka at settler na minorya ang karapatan nilang ariin ang mga lupang saklaw ng mga kinategoryang lupaing publiko kahit pa dekada-dekada na nilang pinagyaman at

pinanahanan.

Ipinaghahambog ng rehimeng Duterte na kabilang daw ang Cagayan Valley sa mga rehiyong nasaprosesonang pamamahaging kabuuang 6,406.6 ektarya ng lupa. Pero hindi libreng pamamahagi ito kundi pagkakaloob lamang ng *Certificate of Land Ownership Award*. Hindi pa ito para sa tapat na layuning wakasan ang monopolyo sa lupa ng malalaking panginoong maylupa, kundi para sa buktot na layuning kontra-insurhensya. Pero siguradong babawiin din sa mga magsasaka ang "iginawad" sa kanilang mga lupa dahil hindi nila makakayanang bayaran ang amortisasyon niyon sa loob ng mahabang panahon, at maipapasakamay muli sa mga maykaya sa paraan ng "voluntary

offer to sell.”

Sa lahat ng mga bayan at baryo sa buong Cagayan Valley, namamayagpag ang sari-saring anyo ng malapyudal na pagsasamantala ng mga usurero at komersyante sa masang magsasaka. Pangunahing sa anyo ito ng napakataas (at sa iba ay patung-patong pa) na interes sa pautang, na kahit matinding tumama ang kalamidad ay babayaran pa rin; sari-saring anyo ng komersyanteng pandaraya sa pagbili sa mga produktong magsasaka; malubhang pambabarat sa presyo ng mais, palay, saging, kamoteng kahoy at iba pang agrikultural na pananim; *contract growing*; at mga katulad.

Dumarami ang mga regular na manggagawang bukid, hindi lamang dahil sa kasalanan ng lupang mabubungkal kundi sa kakulangan din ng iba pang mapapasukang trabaho. Araw-araw silang nililigalig kung saan naman maghahanap ng kita kinabukasan, lalo at patuloy ang paglaganap ng paggamit ng *combine harvester* at *reaper*. Dahil sa mga *lockdown*, malaking nabawasan o nawalan ng pinagmumulan ng ikabubuhay ang libu-libong mga malamanggagawa. Marami sa kanila ang pinagbawalan ng mga *Local Government Unit* na magtrabaho kahit sa katanging baryo lamang.

Maraming maliliit at katamtamang negosyo ang nagsara. Kabilang sa mga ito ang malalaking *rice mill*, na bago pa ang mga *lockdown* ay lumiliit na ang kita; umaangal ang mga *rice miller* dahil sa ginawang rehimeng Duterte na pagbabawas ng taripa sa mga inaangkat na palay mula sa ibang bansa; at nitong huli ay nagpahayag na naman ang *Department of Agriculture* ng muling pagbababa ng taripa. Hindi lamang mga trader kundi laluna ang mga magsasakang

nagtatanim ng palay ang lubhang naapektuhan sa liberalisasyon ng import na katulad ng palay.

Sa *livestock industry*, 70 porsyento naman ng mga nagtitinda ng baboy sa rehiyon ang tumigil nang magtinda dahil sa kawalan naman ng ayuda mula sa Pambansa hanggang sa mga lokal na yunit ng guberno.

Umabot na sa 7.9 porsyento ang tantos ng implasyon sa Cagayan Valley, na siya nang pinakamataas sa buong bansa. Sa kabila ito ng mga naglipanang proyektong pang-imprastruktura sa halos lahat ng mga bayan, at milyon-milyong pisong halaga naman ng mga “donasyon” mula sa dayuhang kumpanya ng pagmimina, kagaya ng *FCF Minerals Corporation* sa Nueva Vizcaya. Napakaliit at patuloy na nga sa pagbagsak ang halagang nakikita ng mamamayan, pinapahintulutan pa rin ng mga kapitolyo na pwersadong maningil ng bayad sa kuryente at tubig ang mga pribadong kumpanya.


Samantala’y patuloy na hinahayaan ang mga dayuhang kapitalista sa pagmimina kasabwat ang mga lokal na burukrata at kapitalista. Sige ang pandarabong sa likas na yaman, pagwasak sa kapaligiran, pagpiga sa lakas-paggawa, paghahatid ng peligro sa kabuhayan at buhay ng mamamayan, at pagkamal ng sandamakmak na ganansya para sa sariling bansa. Katulad ng mga dayuhang kumpanya ng pagmimina sa Nueva Vizcaya at iba pang bahagi ng rehiyon, kabilang ang diumanong “dredging” sa Ilog Cagayan na ang

pangunahing layon ay magmina ng *black magnetite sand*.

Sa kabila ng matarik na pagbulusok ng kabuhayan ng mamamayan sa rehiyon, yumaman pa ang mga burukrata na sa kalakhan ay mga panginoong maylupa at malalaking negosyante. Nakikitapyas nang malaking bahagi ng dambong at kurakot ng rehimeng Duterte ang mga gobernador na sina Manuel Mamba ng Cagayan, Rodito Albano ng Isabela at Dakila Cua ng Quirino, mga kongresista na karamihan ay kabilang sa mga dinastikong pamilya sa mga lalawigan at distrito, at mga kontraktor na ang marami ay mga burukrata rin o di kaya’y kamag-anak ng nakaupong burukrata.

Dapat managot ang mga gobernador at karamihan sa mga mayor ng mga siyudad at bayan sa palyado at pabayang pagharap sa pandemyang COVID-19. Mas diniinan nila ang mga paulit-ulit na paghihigpit ng *lockdown*, na wala namang saysay dahil baba-taas pa rin ang bilang ng naiimpeksyon at nasasawi. Dagdag pa ang kawalang konsiderasyon sa karapatang-pantao. Samantala’y, hindi naman mapagpasyang hinarap ng mga LGU ang mga pangunahing pangangailangan ng mamamayan sa panahon ng pandemya- ayuda para sa mga magsasaka, drayber ng traysikel at dyip, suportang pinansyal sa mga guro at estudyante, at libreng *mass testing*, *tracing*, at *isolation*.

Maliban sa napakaliit na



natanggap ng mamamayan na relief mula sa mga LGU kaugnay ng pandemya, napakaliit din uli ang natanggap nila makaraan silang salantain ng mga pag-ulan at pagbaha noong Nobyembre. Ganap na nasira ang mga pananim, nawasak ang mga tahanan at personal na kagamitan, natibag ang mga lupang tinatamnan o nasira ang mga daanan. Pero mismis at mumo lang ang iwinisik ng reaksyunaryong gubyrerno.

Sa halip na magdiin sa pagbangon ng lokal na ekonomya

at epektibong pagkontrol sa pandemya, pangunahing inatupag ng marami sa mga burukrata, pangunahin na si Manuel Mamba, ang pakikipagtulungan sa NTF-ELCAC sa imbi nitong kampanyang kontra-insurhensya. Aktibo si Mamba at ilan pang mga opisyal ng lalawigan at bayan sa mga huwad na pagpapasurender ng mga brigada at batalyon sa ilalim ng 5th Infantry Division, sa pagpapagamit sa kampanyang psy-war ng militar sa midya, sa pagbraso at pambubuyo sa

mga nakabababang LGU na mag-aktibo rin sa kampanyang kontra-insurhensya at sa panlilinlang at paninindak sa mamamayan.

Nagdurusa ang mamamayan sa rehiyon. Kasabay nito, dumarami ang nakakapagtanto na walang kinabukasan ang kasalukuyang mapagsamantala at mapang-aping sistema. At wala silang maaasahan upang makaahon kung hindi ang sarili din nilang pagkakaisa, pagbangon at paglaban para durugin ang naghaharing sistema. **B**

Isang taong Pandemya Ang katotohanan sa likod ng mga Pagdadahilan

Bago magtapos ang unang kwarto ng 2021, ibinalik ng rehimeng Duterte ang *lockdown* sa malawak na bahagi ng bansa. Pangunahin dito ang *National Capital Region* (NCR) at mga karatig probinsiya, na tinatawag nila sa hangal na terminong “bubble” o kaya’y “bula”. Dahil ito sa lumukso na naman sa ilang libo (10,000 na ang pinakamataas) ang mga bagong naiimpeksyon sa bawat araw.

Sa pangkalahatan umabot na sa mahigit 700,000 ang mga nagpositibo sa bayrus sa bansa, kabilang na dito ang mahigit 100,000 na pasyenteng may sakit sa kasalukuyan. Pangunahing solusyon muli ng rehimen ang paghigpit sa galaw ng mga tao. Ayaw nila itong tawaging “lockdown” kahit pa pareho naman ang kahulugan.

Gayunpaman, wala talagang maasahang maramihang pagbabakuna sa buong populasyon. Inamin ni Duterte na wala pang dumarating sa bansa na mga inorder na bakuna mula sa ibang bansa. Ang dumating at nagagamit pa lang ay ang 1,125,000 bakunang

donasyon ng imperyalistang China at pribadong parmasyutikong kumpanya. Samantala mayroon ring P126.75 bilyon na inutang ang rehimeng Duterte sa mga dayuhan na pangbadyet sa pagbili ng bakuna.

Maraming inirarason ang rehimeng Duterte para maiwasang maibulgar ang malaking kapalpakan at kapabayaang sa paglutas sa pandemya. Isa-isahin natin:

Rason ni Duterte # 1

Dahilan ni Duterte, kaya raw wala pa ang mga inorder na bakuna ay dahil hawak pa ng mga nagpapautang na ahensiyang

ang nautang ng gubyrerno na pambili dito. Patunay lamang ito ng kahangalan ng rehimen. Kung tunay ngang nagkukumahog sa pagpigil sa pagdami o paglaganap ng bayrus, bakit pumayag silang hindi kaagad makuha ang halagang inutang noong nakaraang taon pa! Hindi kapanipaniwala na pinatatagal ng mga ahensiyang nagpapautang na ibigay ang kanilang pinautang sa harap ng mahigpit o pang-emerdyensi na kalagayan kung sana ay mahusay na nakikipag-usap ang mga umutang.

Isa pa. Mayroon ding malaking bahagi ng Pambansang badyet para sa taong 2021 na nakalaan para sa mga usaping hindi kasing laki ng halaga at kasing-kagyat katulad ng pagharap sa Covid-19. Ang isang pangunahin dito ay ang badyet ng militar at programa para sa “kontra insurhensiya”; P19 bilyon para sa *National Task Force to End Local Armed Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC) at P33

bilyon na para sa “modernisasyon” ng *Armed Forces of the Philippines*.

Rason ni Duterte # 2

Dahilan pa niya na kaya raw mabagal ang pagdating ng bakuna ay dahil inuuna ng mga imperyalistang bansang nagmamamupaktura ng bakuna na magpamahagi muna sa sariling bansa at iba pang katulad na mga mayayamang bansa, kaysa sa isang mahirap na bansang tulad ng Pilipinas.

Ngunit bakit nauna na ang maraming bansang tulad din lang ng Pilipinas na hindi maunlad, sa pagbabakuna sa mga mamamayan doon? Pilipinas ang pinakahuling bansa sa Silangang Asya sa pagbakuna sa mamamayan nito. Inunahan na ito ng mga bansang kagaya ng Vietnam, Bangladesh, Indonesia at ganoon din ang maraming bansa sa Latina Amerika na hindi rin naman maunlad at mayamang mga bansa.

Dahil ipinanguna ng mga bansang ito ang medikal na pamamaraan sa pagharap sa pandemya at hindi ang militaristang pamamaraan, taliwas sa ginawa ng rehimeng Duterte. Inilaan nila ang malaking bahagi ng pambansang badyet sa paglutas sa pandemya kumpara sa napakaliit lamang na badyet na inilaan ng rehimeng Duterte para sa bakuna. Kaya mas maaga silang nakakuha ng bakuna at di hamak na mas kaunti ang bilang ng mga nahawaan ng bayrus ng Covid-19 kumpara sa Pilipinas.

Dahil na rin sa hindi na mahintay ng ilang mga *Local Government Unit* (LGU) ang pagdating ng bakuna mula sa pambansang gobyerno, nag-inisyatiba na silang bumili ng bakuna para sa sariling saklaw na populasyon. Tulad ng San Juan City, Valenzuela City, Vigan City, Caloocan City, Ilo-

Ilo City at iba pa. Gayundin ang ilang pribadong kumpanya tulad ng Jollibee Corporation. At sampal ito sa rehimeng Duterte, pero hindi niya inaamin.



ang paglala ng pandemya.

Ang katotohanan

Rason ni Duterte # 3

Dahilan pa ni Duterte na dahil raw sa hindi mayamang bansa ang Pilipinas kaya hindi nito magagawa ang mabilis at epektibong pagharap sa pandemya.

Totoo ba? Suriin natin. Imperyalismong Estados Unidos ang pinakamayamang bansa sa buong mundo, pero ito rin ang nakapagtala ng pinakamaraming nagkakasakit dahil sa Covid -19, umabot na sa mahigit 30 milyong mamamayan. Patunay ito na hindi ipinanguna ng imperyalistang estado ng US ang pampublikong kalusugan at kapakanan ng mga manggagawa at mamamayang Amerikano. Kahit sa panahon ng pandemya, prayoridad pa rin ng gubyerno nito ang interes sa ganansiya ng mga malalaking kapitalistang Amerikano.

Ang iba namang bansang hindi mayaman at maunlad gaya ng Cuba at Vietnam ay malayong may mas kakaunting bilang ng naimpeksyon kumpara sa Pilipinas. Cuba ang isa sa mga nakagawa ng sarili nitong bakuna. Nagpahayag naman ang Byetnam na malapit na nitong matapos ang pagmanupaktura sa bakuna nito. Sa North Korea naman na isang maunlad na bansa, epektibo nilang napigilan

Ang batayang ugat nito ay kung ano ang makauring paninindigan ng isang rehimen. Kung ito ba ay naninindigan para sa interes at kapakanan ng malawak na mamamayan, na binubuo ng mga manggagawa at magsasaka at iba pang pwersang gumagawa. Ibig sabihin, ang mga naghahangad ng tunay na pagbabago sa sistema ng lipunang mapagsamantala at mapang-api at sa pagtatayo ng lipunang tunay na nagsisilbi para sa mayorya ng populasyon.

O ang rehimeng ito ay para lamang sa interes ng iilan? Tulad ng mga uring mapagsamantala na malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista na nagsisilbi sa mga dayuhan at malalaking kapitalista. Ibig sabihin, nais nilang manatili ang kasalukuyang sistema ng lipunan na nagsisilbi sa mga nagkakamal ng malaking tubo at nagmamamay-ari ng malalawak na lupain at malalaking negosyo.

Maliwanag na ang rehimeng Duterte ay para lamang sa interes ng naghaharing uri na nagpapasasa sa kasalukuyang sistema. Tingnan na lang ang pagkakahati-hati ng pambansang badyet para sa 2021. Patunay ito kung anong interes ang prayoridad at pinagsisilbihan ng rehimen.

Samantala, habang napakalinaw na ang pandemya ang isa sa mga pangunahing problema ng buong sambayanan sa kasalukuyan, kakarampot na P2.5 bilyon lamang ang inilaan ng rehimen para sa bakuna. At wala kahit sentimo ang inilaan niya sa modernisasyon ng kagamitan sa mga pampublikong kalusugan. Sa halip, inilaan ng rehimen ang napakamalaking badyet sa militar na ginagamit sa pag-atake sa mamamayang naghahangad ng tunay na pagbabago laban sa sistemang mapagsamantala at mang-aapi. Ibinuhos pa niya ang P 1.1 trilyon para sa mga proyektong pang-imprastruktura na hindi naman makakatulong sa pagresolba at pagpapaunlad ng naghihinalong ekonomiya, sa halip pagmumulan ito ng makakamal na ganansiya at kurakot ng mga malalaking burukrata kapitalista at kontraktor.

Sa umpisa pa lang ng 2021, malaking panahon na ang ibinuhos ng rehimens ng Duterte upang matiyak ang pananatili nito sa kapangyarihan, na lampas sa pagtatapos ng kanyang termino sa 2022. Nag-umpisa nang magparamdam na kakandidato sa pagkapresidente ang anak ni Duterte at alkalde ng Davao City na si Sara, at maging si Bong

Go na masugid na taga-sunod ni Duterte. Kabilang sila sa mga nagmamadali sa pagharap sa pagbabago sa konstitusyon. Samantalang patuloy na tumitindi ang pagkalat ng bayrus ng Covid-19 at hindi inaasikaso ang mabilis na pagdating ng mga biniling bakuna. Ito'y sa dahiling mas inuna nang ibulsa ni Duterte at kanyang mga kasapakat ang malaking bahagi ng pondo at utang na nailaan para sa bakuna.

Ang kawalang kakayahan ng bansa na magmanupaktura ng sariling bakuna ay nagpapakita ng pagiging atrasado ng kasalukuyang sistema ng ekonomiyang agraryo at hindi industriyal. Laging nakaasa ang bansa sa mga dikta at kagustuhan ng pandaigdigang sistemang kapitalista kung saan ay pinanatili ang Pilipinas na taga-suplay na lamang ng mga pangangailangan sa hilaw na materyales at murang lakas paggawa ng pandaigdigang kapitalistang pamilihan. Hindi nakakapagsarili ang pambansang ekonomiya dahil wala naman itong sariling industriya na may kakayahang lumikha sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan nito, tulad ng parmasyutiko.

Kahit pa nga ang *face mask* ay hindi pa kaya ng bansa na imanupaktura. Ano pa kaya kung sa paglikha ng *testing kit* at lalo na ng bakuna? Kaya kahit napakamamahal ng mga *imported* na produkto para sa medikal, makikipag-unahan pa rin ang gubyrno dahil wala namang pagpipilian sa kalagayang emerdyensi.

Gayunpaman, may kakayanan din naman sana ang Pilipinas na gumawa ng sariling bakuna kontra Covid-19. Kung ang tindig lamang sana ng naghaharing partido ay para sa interes ng mayorya at ng bansa. Tulad ng mga bansa sa Cuba at Byetnam, na hindi naman industriyalisado pero nagsasariling bansa at hindi kontrol ng mga imperyalista, ay naninindigan para sa kapakanan at interes ng kanilang mamamayan at bansa.

Kaya isang mahigpit na pangangailangan ngayon ang pakikibaka ng mamamayan sa pagtataguyod sa pampublikong kalusugan at kapakanan, paglaban at pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon, kaakibat ang tunay na repormang agraryo bilang batayang nilalaman ng programa para sa ekonomiya. **B**

Pagmimina sa Ilog Cagayan sa Tabing ng “Dredging”

Ilang malaking kabalintunaan ang tinuran kamakailan ng mga burukrata ng rehimens Duterte na upang huwag na daw maulit ang malaking pagbaha noong Nobyembre ay kailangang minahin ang yamang mineral ng Ilog Cagayan sa tabing ng “dredging.” Sinagpang nila ang naganap na delubyo para lumikha uli ng panibagong delubyo sa buhay ng mamamayan.

Ilang taon na ang lumipas, tinangka ng reaksyunaryong gubyrno na magmina sa mismong ilog ng Cagayan. Para linlangin ang mamamayan ay itinatago nila ang tunay na layunin. Sinabi nilang hindi daw pagmimina ito, kung hindi ay “paglilinis” o “dredging” lamang. Pero dahil sa malakas na pagtutol ng mamamayan ay napilitan silang iatras ang nasabing proyekto.

Sa pagpasok ng 2021, inianunsyo ni *Retired General Roy*

Cimatu, *Secretary ng Department of Environment and Natural Resources* (DENR) at ni gobernador Manuel Mamba ng probinsya ng Cagayan na nag-umpisa na ang pagmimina sa pinakamahaba at pinakamalaking ilog sa Pilipinas.

Para makapanlinlang at maikubli ang tunay na motibo, sinakyan at ipinagrason nila ang sariwa pang sakunang sumalanta sa 300,000 mamamayan bunga ng malaking pagbaha sa panahon at matapos ang bagyong "Ulysses." Lilinis lang naman daw nila ang Ilog ng mga nakabarang basura at latak upang mapabilis ang pag-agos ng tubig at hindi na magkakaroon ng mga pagbaha. Ito daw ang pangunahing layunin ng "dredging", bagama't kung may makukuhang mineral na kagaya ng *magnetite* ay nagkataon lamang!

Bakit mapursige ang rehimeng Duterte kasama si Mamba sa dati nang planong pagmimina rito na inilulusot bilang "dredging"? Dahil ang Ilog Cagayan sa bandang Cagayan ay naglalaman ng daan-daang metriko toneladang buhanging *iron*. Sa mababang bahagi ng Ilog, pinakamarami sa lahat ng mga mineral ang *magnetite* kasama ang iba pang klase ng *iron* (*hematite, organic iron*) na ginagamit sa paggawa ng mga produktong bakal at

tinatayang aabot ang mga ito ng 561.6 milyong tonelada na matatagpuan sa 69 kilometrong kahabaan ng Ilog mula sa mga bayan ng Alcala, Gattaran, Lallo, Camalaniugan at Aparri. Planong i-"dredge" ang 39 kilometro o mahigit kalahati nito mula Aparri hanggang Barangay Magapit sa Lallo.

Pero ayon sa mga opisyal ng rehimeng Duterte, magagawa lamang daw ito sa tulong ng malalaking kapitalistang dayuhan. Inulit sabihin ng DENR ang dating rekomendasyon ng malaking kontraktor na Hapones, ang *Japan International Cooperation Agency* (JICA), na diumanong pagpapaluwang sa makipot na bahagi (*Magapit Narrows*) ng Ilog mula Alcala hanggang Lallo bilang batayan nito. Pero itinago naman ang resulta ng isang *feasibility study* na tumututol sa pagpapaluwang ng Magapit Narrows, na kahit isagawa ito ay hindi kailanman magkakaroon ng makabuluhang pag-unlad sa agos ng tubig-baha.

Binubuntunan ng sisi ng mga opisyal ng DENR at kapitolyo ng Cagayan ang pagtatapon ng mga basura ng mga tao at mga latak bilang tanging dahilan ng nararansang pagbara ng ilog at pagbaha. Pero ipinipikit ang kanilang mata at tinatalikuran at ayaw nilang aminin ang papel nila sa mga pangunahing sanhi ng ganitong sakuna - ang malawakang pagkakalbo

ng kagubatan at pagkawasak ng lupa dahil sa walang habas na malakihang pagtotroso at malawakang pagmimina.

Mula Nueva Vizcaya, ang kinaroroonan ng headwater ng Ilog Cagayan, ay nag-oopereyt ang kumpanya ng pagmimina ng *Oceana Gold* sa Didipio, Kasibu; sa kagubatan ng Sierra Madre sa Isabela ay nandoon ang *Nickel/Asia Corporation-Geogen* at iba pang kapitalistang Tsino na kasosyo ng mga Pilipino sa pagmimina. Gayundin magmula sa probinsya ng Quirino pababa sa Isabela at Cagayan, ay dekada 1970 pa nang inumpisahan ang malakihang pagtotroso ng mga Puzon, Enrile, Dy at Cua at mga sumunod pa sa kanilang malalaking kumpanya ng *logging*.

Dilat ang katotohanan na ang mga malalaking dayuhang kapitalista at burukrata-kapitalista ang sumira sa natural na yaman para makahakot ng sandamakmak na ganansya. Ang kasakiman, pang-aabuso sa kapangyarihan at kriminal na pagpapabaya ng mga ito, ang ugat ng nararansan nating malalaking pagbaha at kalamidad!

Ayon kina Mamba at Cimatu, "libre" naman daw ang gagawing *dredging* ng mga dayuhang pribadong kumpanya at ang tanging "kompensasyon" ng huli ay mapapasakanila ang mapagbebentahan ng lahat ng makukuhang "basura" at "latak". Ngunit sa katotohanan, maliit lang naman ang tunay na basura at latak at karamihan ay *mineral* na katulad ng *magnetite*. Kung maaalala natin, *black magnetite* lamang ang tinariget ng mga malalaking kapitalistang Tsino sa bayang nasa gilid ng dagat mga sa bahagi ng hilagang silangang Cagayan.



isang malaking kapitalistang ang pangunahing interes ay “maglinis ng basura” sa halip na maghukay ng mina? Para na rin nilang sinabi na ang pangunahing layon ng isang nagmimina ng ginto ay maghukay ng butas at tsamba na lang kung makakatisod ng ginto! Inuulol nila ang mamamayan na inaakala nilang mahina magsuri.

Samantalang ngayon pa lang ay naglalaway na ang mga “maglilinis” na dayuhang kapitalista at kakutsaba nilang burukrata, malalagay naman sa panganib ang lupang pinagtatamnan upang mabuhay ang mga magsasaka at ang kinalalagyang tahanan

ng mga komunidad sa malapit sa Ilog bunga ng malakihang paghuhukay. Ilang maliliit na pansamantalang mapagkukunan ng ikabubuhay at relokasyon ang sagot dito ng rehimen, pero malamang na irereloka ang mga apektadong mamamayan sa mga lugar na mahirap maghanap ng ikabubuhay at di kumbinyente para manirahan.

Ang malaon nang humahagupit sa mamamayan na malalang krisis sa ekonomya at kalamidad na lalo pang sumahol sa panahon ng pandemya ay pinapalala pa ng ganitong mga kontra-mamamayang hakbangin ng

rehimen. Sa ganito ay lalo nilang dinadagdagan ang mga dahilan para mamulat at magbangon ang mamamayan upang makibaka para sa kanilang kagyat at pangmatagalang kapakanan at interes.

Wasto lamang na kundenahin ang pagmimina sa Ilog Cagayan at makipagkapit-bisig sa mas malawak na hanay ng mamamayang lumalaban, sa paraan mang armado at di-armado, upang patalsikin ang rehimeng Duterte, sa balangkas ng paglaban para sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya. **B**

PASISMO NG ESTADO

Larawan ng Pasistang Berdugo

Kaiba sa pinalalabas ng *Armed Forces of the Philippines* (AFP) na nagbago na ang militar, nangyayari pa rin ang maraming kaso ng panggigipit at pananakot, panlilinlang at pandarahas, kabilang ang pagpatay, pagsasamantala sa kababaihan, paninira sa mga pananim, pagnanakaw ng pera at ari-arian ng mga masa, sa panahon man ng pagsasagawa nila ng kombatan operasyon o kung magkakampo sila sa baryo at maghihimpil nang matagal sa mga baryo.

Tumatagal ng 1 hanggang 2 taon ang *Retooled Community Service Program* o RCSP ng *Armed Forces of the Philippines* (AFP) sa kulumpon ng mga baryo na prayoridad ng mga nakapokus na operasyong militar nila. Nagpapatawag ng mga pulong, kumukuha ng sarbey sa populasyon, nagsasagawa ng mga aktibidad na kung minsan ay naroroon ang kumander ng batalyon at iba pang opisyal mula sa munisipyo. Nagpapamahagi ng bolpen at papel para sa mga batang nag-aaral. Namimigay ng noodles at sardinas sa panahon ng kalamidad. Nagtatayo ng waiting shed, at inaayos ang mga bahagi


ng nasirang eskwelahan at iba pang mga pagkukunwari na lihim namang tinutuya ng masa.

Ngunit sa mahabang panahon nilang pananatili sa baryo, karaniwang ginagawa ng RCSP ang mag-inom ng alak, magsugal, magpanood ng malalawang panoorin

matapos na lasingin ang mga sibilyang kalalakihan, ligawan at gawing kabit ang mga dalagang anak at asawa ng mga magsasaka at binabarat ang mga alagang manok at baboy ng mga masa.

Pinipilit ng mga brigada at batalyon ng army ang mga LGU at konseho ng barangay na ideklarang “persona non grata” ang BHB sa kanilang saklaw.

Mga militar mismo ang gumagawa ng resolusyon, ipilit na papapirmahan sa mga tao, nagpapadala ng kopya ng resolusyon sa mga itinayo nilang billboard sa baryo.



**Ituloy sa pahina 11
(Larawan ng...)**

‘Barangay Dev’t Fund’: ‘Pork Barrel’ ng mga Heneral

Sa ilalim ng *General Appropriations Act of 2021*, nilaanan ng P120 million ang anim na baryo sa Cagayan Valley. Ito ay bahagi ng *Barangay Development Fund (BDF)* ng *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC)*.

Lahat ng baryong ito ay nasa probinsya ng Cagayan. Wala ni isang baryo sa Isabela, Nueva Vizcaya at Quirino ang bibigyan BDF. Ang mga baryong ito ay Apayao at Villa Reyno sa bayan ng Piat, Anurturo at Liwan sa bayan ng Rizal, at Balanni sa Sto. Niño – lahat ay nasa kanlurang bahagi ng Cagayan.

Ang NTF-ELCAC ay kabilang sa mga pangunahing binubuhusan ng dambuhalang pondo ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas–P19.2 bilyon para sa taong 2021. Bahagi ng pondo ng NTF-ELCAC ang kabuuang P16.44 bilyon na BDF na para diumano sa 822 na barangay sa bansa, na kinapapalooban ng mga nasabing anim na baryo sa rehiyon. Mabibigyan diumano ng tig-P20 milyon na BDF ang bawat baryo na “malinis na” na o “cleared” mula sa kontrol o impluwensya ng *New People’s Army*.

Pinapamunuan mismo ni Rodrigo Roa Duterte at mga dati at kasalukuyang matataas na heneral ng *Armed Forces of the Philippines* ang NTF-ELCAC. Habang mistula’y bundok ang inilaang badyet para sa kampanyang kontra-insurhensiya ng rehimeng Duterte, gabunton lamang ang inilaan nito para sa bakuna kontra sa COVID-19 at sa kabuuang badyet pangkalusugan ng bansa!

Ang pagpapanguna ng malaking badyet para sa kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimeng Duterte ay taliwas sa ibinabando ng mga tagadakdak ng AFP na dumaranas ng malaking paghina ang *New People’s Army*. Kasabay niyon, ang paglalaan lamang ng maliit na badyet para sawatain ang pandemya at para sa pampublikong kalusugan ay pruweba sa falso at pabayang pagharap nito sa COVID-19 at kapakanan ng mamamayang Pilipino.

Sa kaunting tingin lamang, makikitang aminado ang AFP na sa kabila ng ilang taon nang paglulunsad nito ng *focused military operations* at pagbababad ng mga tinaguriang *Retooled Community Support Program* sa maraming baryo sa Isabela, Quirino at Nueva Vizcaya – wala ni isa sa mga baryo rito ang maipagyayabang nilang “malinis” na sa presensya ng NPA!

Hindi lamang ito pag-amin sa kabiguan ng NTF-ELCAC na pahinain at itaboy ang mga yunit ng NPA sa pagkilos sa mga baryo ng naturang mga lalawigan, naglalantad din ito sa kasinungalingang nilulubid ng AFP na wala nang presensya at lubhang napahina na ang NPA sa malalaking bahagi ng mga probinsya sa rehiyon.

Sa gayong paglalaan sa BDF, di sinasadyang ibinulgar ng NTF-

(*Larawan ng...*)

Nagkukumahog at inuulit-ulit ng mga opisyal-militar na ihayag ang bogus na “maramihang pagsurender ng mga dating pwersa ng NPA at Milisya nito”. Ito ay dahil sa ang napakalaking halaga ang nakukurakot ng mga opisyal mula sa *Enhance Comprehensive Integration Program (E-CLIP)* ng rehimen. Mas maraming maireport na nagsurender, mas malaki din ang maibubulsa mula sa dapat na matatanggap ng bawat “surenderi”. Karaniwang ginagawa ng mga militar ang pag-iimbita sa mga magsasaka sa baryo sa mga pa-miting nila, kasama ang LGU sa saklaw na lugar, o kaya’y pinapareport sila sa kampo. At pagdating pa lang sa kampo ay idedeklara na silang “boluntaryong nagsurender” na dating rebelde.

Pinupwersa ng militar ang konseho ng barangay na organisahin ang mga taga-baryo sa mga rali na kumukondena sa CPP-NPA at inaatasang sunugin ang bandera nito. Mga militar din mismo ang gumagawa ng mga pahayag na pilit pinapabigkas sa ginigipit na masa.

Kabaliktaran sa ipinagmamalaki ng AFP, ang mga nakapokus na operasyong militar nila sa kabuuan ay nabigo sa layuning palayasin, pahinain, at lansagin ang mga yunit ng BHB, at takutin, paluhurin at hikayatin ang mamamayan na pumaloob sa kampo ng pasistang rehimeng Duterte. Nagtulak lamang ang mga ito ng mas matinding galit ng mga magsasaka, pambansang minorya at iba pang inaapi ng rehimen at mga kontra-rebolusyonaryong hukbo nito. **B**

ELCAC ang kawalang-kuwenta ng pinagkakaabalahan sa nagdaang halos kalahating dekada ng mga batalyon at dibisyon ng AFP na pagbraso at paglinlang sa napakaraming LGU sa mga baryo at bayan upang magdeklarang “persona non grata” ang NPA sa kani-kanilang saklaw. Walang dami ng mga diumanong pormal na kasunduan at pahayag sa midya, na sa kalakhan ay ginawa ng mga militar at isinalaksak sa mga LGU, ang nakahadlang sa malayang pag-ikot sa maraming mga baryo at bayan at paglubog ng mga yunit ng NPA sa masang magsasaka at pambansang minorya, na sa kalahatan ay mainit na sumasalubong at mahigpit na yumayapos sa mga tunay na hukbo ng sambayanan.

Ang malaking kwesyon ay bakit pinili ng NTF-ELCAC ang mga napangalanang baryo sa Cagayan na laanan ng tig-P20 milyon ng BDF?

Halos lahat ng mga baryong ito ay hindi saklaw o di kaya’y nasa dulo ng malalawak na mga sonang gerilya at pinakahuli sa prayoridad na puntahan ng mga sandatahang yunit ng NPA. Kaya kahit hindi magpatulo ng pawis ang AFP, napakadali nitong ideklarang “cleared barangay” na ang mga ito kaya nilaanan na ng NTF-ELCAC ng tig-P20 milyon!

Gagastusin diumano ang BDF para sa pagpapagawa ng mga kalsada (P12 millyon), eskwelahan (P3 milyon), klinika (P1.5 milyon) at pangkabuhayang proyekto (P1.5 milyon). Pero lahat ng mga baryong tinukoy ay may mga paaralan na, may mga gumaganang *barangay health group* na may opisina sa mga *barangay center* o may sariling klinika, at ang marami ay may nagawa nang maaayos na kalsada! Isa pa, sa nakaraan ay hinarap at hinaharap naman na ng mga LGU sa probinsya at munisipyo at gayundin ang mga

kongresista ang mga nabanggit na proyekto. Bakit ngayon naman ay ipinapasakamay na sa mga militar ang mga ito, sa halip na manatili sa awtoridad na sibilyan?

Isa pang pangunahing nakikita, ang paglalaanan ng pondo ay hindi naman sasagot sa mga malalaking suliranin ng mga magsasaka at iba pang mamamayan sa baryo. Ang mga batayang problema ng mga magsasaka sa kanlurang Cagayan at sa lahat ng bahagi sa Cagayan Valley ay ang kawalan o kasalatan sa lupang masasaka, na pinapalala pa ng malaganap at matinding pang-aagaw ng lupa ng mga panginoong maylupa, usurero na nakaambang manghila ng lupa ng mga magsasakang hindi kaagad nakakapagbayad ng utang, pribadong kumpanya, ahensya ng gubyrerno at burukrata na katulad ni mayor Pagurayan ng Sto. Niño.

Kahit nariryan ang gagawing kalsada (pero dati namang may kalsada na) kung butas naman ang bulsa at walang maisaing sa kaldero ng pamilya ng magsasaka dahil sa mapupunta na lahat ng kinikita niya bilang pambayad-utang sa mga mataas magpainteres na mga usurero, binabarat pa rin ang presyo ng kanyang produkto at saka pa dadayain ng komersyante, at paisa-isang sardinas at noodles na ibinibigay na limos ng gubyrerno - kung masisira ang pananim dahil sa tagtuyot o bagyo- wala pa ring ikabubuti sa kanila.

Kahit mayroong klinika kung pakonti-konti at iilang klase lang naman ng mga gamot at sa halip na doktor ay *barangay health worker* lang naman ang laman. Kahit mayroong eskwela (pero halos lahat naman ng baryo ay may eskwelahan na) kung kulang naman ang magtuturo at mababang kalidad ang natututunan dahil sa napakababa naman ng sahod ng mga guro at maliit ang badyet para sa edukasyon na inilalaan ng

gubyrerno- wala pa ring ikauunlad sa mga baryo!

Palabas lamang ang mga proyektong ito. Maliit na plaster lamang ang mga ito na pantapal sa mas malaki, mas malala, nagnanana at nabubulok na sugat ng buhay, kabuhayan at pangkagalingan ng mga magsasaka at iba pang mamamayan, na mauugat sa mapagsamantala at mapang-aping sistemang panlipunan. Nagsisilbi lamang ang lipunang ito sa mga naghaharing-uri na malalaking panginoong maylupa, burges kumprador at burukrata kapitalista na nangangayupapa sa mga imperyalistang bansa.

Ang BDF ng NTF-ELCAC ay walang pinagkaiba sa *pork barrel* ng mga konggresista- isa ring *pork barrel*. *Pork barrel* ng mga heneral at iba pang matataas na opisyal ng NTF-ELCAC at militar. Katulad ng *congressional pork barrel*, malaking pagmumulan ito ng korapsyon ng mga militar at burukratang kasabwat nila, katulad ng gubernador ng Cagayan na si Manuel Mamba at mayor ng Sto. Niño na si Pagurayan, at mga kontraktor ng mga gagawing proyekto.

Hindi pa nakuntento ang mga opisyal-militar sa malaking nakukurot nila mula sa *Enhanced Comprehensive Local Integration Program* (E-CLIP), na kung saan ay malaking pondo naman ang inilaan para diumano sa mga dati nang miyembro ng CPP-NPA na sumusuko sa reaksyunaryong gubyrerno. Kaya kasiyahan ng mga opisyal-militar na ianunsyo ang marami at magkakasunod na bogus na “pagsurender”, para makapagkamal ng malaking bahagi ng pondong ito. Ngayon ay asahan na namang malaking panggagalingan ng makukurakot ang milyon-milyong BDF.

Ang pangingibabaw ng militar sa awtoridad na sibilyan

ay hindi lamang hinggil sa pagpapatakbo sa buhay pampolitika ng mga baryo, kung hindi pati sa pagtatakda at pagpapatupad sa mga sosyo-ekonomikong proyekto sa baryo. Dagdag na pruweba ito na sa ilang panahon na lamang ay mananatili na sa malawak na bahagi ng kanayunan ang paghaharing-militar o *de facto martial law*. Niyurakan na nila ang prinsipyo ng pangigingibabaw ng awtoridad ng sibilyan sa militar.

Pero dahil nga hindi naman tinitinag ang sistemang mala-kolonyal at mala-pyudal ng bansa, hindi makakamit ng mga proyektong ito ang layunin nilang linlangin at bulagin ang masa at ilayo sila mula sa tamang daan ng pagrerebolusyon. Ilang beses nang ginawa ng mga nagdaang rehimen ang samu't saring proyekto na nilaan ng pagkakalaking pondo, bulaan at para sa kontra-insurhensiya, pero pare-pareho rin naman ang ibinunga- pagkabigong patigilin ang apoy ng digmang bayan.

Napakarami ng mga panlipunang batayan upang mamulat at maglagablab palalo ang kapasyahan ng masa para bumalikwas at makibaka. Lalo na sa panahon ng papet at pasistang rehimeng Duterte. Ang walang-kaparis na krisis at pasismo ng estado sa kasalukuyan ang pangunahing kukumbinsi sa paparaming bilang ng mamamayan para lumahok sa digmang bayan. **B**

Bogus na Pagpapasurender ng AFP, Kinundena

Kinundena ng *Fortunato Camus Command* ng *New People's Army* (FCC-NPA) ang mga huling bogus na pagpapasurender sa mga kasapi diumano ng NPA at Milisyang Bayan, na inilunsad ng *Armed Forces of the Philippines* noong Enero at Pebrero sa probinsiya ng Cagayan.

Noong huling linggo ng Enero at unang linggo ng Pebrero, ipinahayag ng *502nd Infantry Brigade* ng *Philippine Army* na mayroon diumanong sumuko na dating mga "rebelde" mula sa bayan ng Amulung, Lallo at Allacapan. Dagdag pa ng *commanding officer* nito na si Col. Steve Crespillo na sumuko naman ang 35 na "rebelde" mula sa Zinundungan Valley sa bayan ng Rizal, pero hindi nito masabi ang tunay na pangalan ng "sumuko" at "alyas" lamang ng tatlong tao ang nabanggit nito ("Ka Ed", "Ka Ruben" ken "Ka Timbong").

Sa isang pahayag sa midya, sinabi ni Guillermo Alcala, ang *press officer* ng FCC-NPA, na binobola lamang ng mga militar ang kanilang mga sarili sa huli nilang ipinangalandakang bagong bugso ng mga mandirigma at milisya ng NPA. Inilahad niya na sa mga nabanggit ng militar na nagsisuko sa Zinundungan Valley, tatlo lamang ang pinangalanan ni Col. Crespillo, ngunit sa "alyas" lamang nila, at hindi naman totoo na may mga ganitong may-alyas na sumapi sa NPA.

Sinabi pa ni Ka Guillermo na magmula noong 2018, pana-panahon nang ipinagyayabang ng militar na marami diumanong nagsurender sa ilang mga bayan sa Cagayan, na ang bilang nila ay mula sa iilampu hanggang mahigit isandaan. "Matapos ipangalandakan ang 'maramihang pagsurender' at 'lubhang pagliit na' ng pwersa ng NPA, mag-aanunsyo uli ng isa na namang 'maramihang pagsurender' at 'lubhang pagliit na' ng mga NPA. Kung totoong napahina na nga ang NPA dahil sa naunang mga pagsurender, bakit may sinasabi uling panibagong bugso ng 'maramihang pagsurender' sa 2021? Kung ganyan nga, disin

sana'y noon pa nalipol ang NPA sa kanlurang Cagayan! diin nito.

Ang mga "maraming nagsurender" ay mga ordinaryong magsasaka na pinatawag ng mga



batalyon ng Army, at walang kaalam-alam sa balak ng militar kung bakit sila inimbita sa kampo. Pagdating doon ay kukunan na lamang sila ng litrato, itutulak at lalansihin ng mga opisyal ng Army upang pumirma. Pagkatapos nito ay iaanunsyo na sa midya na sila ay dating mga "rebeldeng" sumuko.

Idinagdag ni Ka Guillermo na totoong may mga dating kasapi ng NPA at milisya na sumuko, ngunit mabibilang lamang sila sa daliri. "Pero ang higit na mas maraming opisyal at mandirigma ng NPA at mga kasapi ng

milisyang bayan ay mga tapat, may mabubuting rekord at matitibay na rebolusyonaryong hukbo ng mga inaapi at pinagsasamantalahan. May maniningning silang rekord ng katapangan at sintigas ng bato sa tatag ng paninindigang isulong ang rebolusyon”, aniya.

Ibinutaktak niya na ang iilang sumuko sa AFP sa nakaraan ay kinapapalooban ni Ivy Lyn Corpin at ng asawa niya. Si Corpin ay tumakas mula sa isang yunit ng NPA sa Cagayan noong 2019 matapos hindi maipaliwanag kung saan nito dinala ang mahigit Php 100,000 na pondo ng nakapaloobang yunit gerilya. Isinama niya ang kanyang karelasyon sa kanyang pagtakas. Hindi nagtagal, nagpagamit na silang dalawa sa militar para magpaniktik at magpagamit sa gawaing psy-war ng *17th Infantry Battalion*.

Noong huling kwarto ng 2020, sa atas at sa pamamagitan ng *National Task Force to End Local Communist Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC), na direktang pinamumunuan ni

Rodrigo Duterte, nagsalita si Corpin sa isang pambansang *press conference*. Muli na naman siyang nagsalita sa isang *committee hearing* ng Senado na hiningi ng NTF-ELCAC. Inakusahan niya ang mga ligal na progresibong partylist, organisasyon at personahe bilang “ligal na prente” ng Partido Komunista ng Pilipinas. Itinuro niya rin sa mga militar kung saan inilbing si Justine “Ka March” Bautista, na nagbuwis sa isang opensibang labanan sa San Jose, Baggao, Cagayan noong Hunyo 2017. Malaking pera ang tinatanggap ni Corpin at ng asawa niya sa militar.

Dagdag pa ni Ka Guillermo: “Pero ang tunay na nasa likod ng paulit-ulit na pag-aanunsyo ng mga kumander ng AFP ng diumanong ‘maramihang pagsurender’ — hindi lamang para lansihin ang mamamayan na nagwawagi ang AFP sa di-makatarungan, magastos at falso nitong kontra-rebolusyonaryong digma laban sa mamamayan, kundi para paulit-ulit din silang makapambulsa mula sa malaking pondong inilaan para sa

mga malilinlang at masusuhulan nilang susurender (mula sa *Enhanced Comprehensive Local Integration Program*, o E-CLIP) sa rehimeng Duterte.

“Ang mga garapal na kasinungalingang nilulubid ng AFP kaugnay ng mga huwad na pagsurender ay nakaugnay sa gayunding kagarapal na red-tagging ng matataas ng opisyal nito sa pambansang saklaw. Kagaya ng napabalita kamakailan na huwad na listahan ng mga diumanong nagmula sa University of the Philippines na sumapi sa NPA at nasawi sa labanan o nabihag ng AFP. Bahagi ang mga ito ng mas masaklaw at systemic na paraan sa psy-war ng isang pasista at kontra-mamamayang hukbong katulad ng AFP at ng papet at pasistang rehimeng katulad ng kay Duterte. Pero hindi maitatago ng mga pasistang buladas at kasinungalingan ang katotohanan na di-magagaping hukbo ng mamamayan ang NPA at ang AFP naman ay patuloy na naaagnas dahil sa kabulukan.” **B**

Pagdakip kay Calixto Cabildo, panibagong atake sa mga aktibistang magsasaka

Pagtanim ng ebidensya ng mga pulis. Sa ganitong pamamaraan nila dinakip si Calixto Cabildo sa Barangay Manalo sa bayan ng Amulung, Cagayan noong Marso 25. Ito ay pagkatapos ng ilang beses na pangre-redtag sa kanya at pagbigong niya sa mga intel-operatives ng PNP-Cagayan na ilang beses ring kumausap sa kanyang magsurender na lang.



Bago hinalughog ng mga pulis ang kanilang tahanan na kung saan ay nakakuha sila ng kalibre 38 na baril, limang bala at isang Granada, pinalabas muna ang lahat ng nasa loob ng bahay.

Si Cabildo ay isang aktibistang magsasaka. Municipal coordinator siya ng Anakpawis-Cagayan, pangulo ng Kagimungan at *Cagayan Irrigators and Farmers*

Association at kabilang sa mga QRT (Quick Response Team) ng Karapatan sa rehiyon.

Magmula Disyembre 2020 sa Cagayan Valley, maaalalang ika-pito na siya sa mga nadakip na biktima rin ng pangre-redtag at ganitong pamamaraan ng paghahalughog- palalabasin muna ang mga nasa loob ng bahay ng biktima, papasok ang mga pulis at magtanim ng ebidensya kagaya ng mga matataas na kalibre ng baril at eksplosibo.

Kabilang sa mga kasong ito ang magkahiwalay na pagrekisa

Ituloy sa pahina 17 (Pagdakip...)

Ka Marly: Babaeng Kadre ng Partido at Opisyal ng NPA

BARINGKUAS : Bilang bahagi ng pagdiriwang natin sa Buwan ng Kababaihan ngayong Marso, maari ba namin kayong makakwentuhan tungkol sa buhay niyo bilang isang babaeng rebolusyonaryo? Una sa lahat ay maari niyo bang ikwento kung paano kayo namulat sa rebolusyon at ilang taon na kayo ngayon?

Ka Marly : Rebolusyonaryong pagbati kasama. Mas bata lang ako ng isang taon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nakapagtapos na ako ng kursong midwifery noong namulat ako. Volunteer ako sa isang NGO (Community Based health Development Program) noong 1991, at dito na ako nagsimulang namulat hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng sistemang pangkalusugan ng bansa. Hanggang sa unti-unting lumawak nang lumawak ang aking kaalaman hinggil sa katotohanan ng mala-kolonyal at mala-pyudal na lipunan.

Hanggang naorganisa ako at naging pultaym na aktibista dito sa rehiyon. Sa panahong ito, matindi ang tunggalian ng tama at maling linya sa hanay ng mga pwersang nasa hayag. Panahon na kung saan ay nasaksihan ko ang matinding kontradiksyon ng mga pwersa sa mga sentrong bayan at sa kalunsuran, kung mananatili sila sa kilusan o hindi.

Nangingibabaw sa mga pwersa ang pang-ekonomiyang pangangailangan sa halip na magpatuloy sa pagkilos, lalo ang mga may matataas na sweldo sa mga institusyon na kanilang pinasukan. Kaya marami ang hindi na nagpatuloy sa pagkilos noon.

Ngunit dahil nga sa masasabi kong malalim na

Bilang bahagi ng pagdiriwang sa Buwan ng Kababaihan ay ininterbyu ng istap ng **BARINGKUAS** si Kasamang Marly. Pinili siya dahil sa maningning na rekord niya bilang isang babaeng rebolusyonaryo. Matagal na rin siyang kumikilos hindi lamang para sa kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan kundi sa pangkalahatang kilusan para sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya.

Sa kasalukuyan, gumagampan si Ka Marly bilang isa sa mga lider ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley. Kinikilala siya bilang isa sa mga modelong rebolusyonaryong kababaihan dahil sa walang kapagurang pag-aalay ng sarili, lakas at talino para sa Pambansa-demokratikong rebolusyon na isinusulong sa pamamagitan ng digmang bayan.

ang pagkaunawa ko sa mahigpit na pangangailangan sa pagrerebolusyon, ang pagpapatuloy sa pagkilos at pamumuno sa masa sa pakikibaka nila para sa kanilang mga karapatan, hindi ako nagpatangay. Nagpatuloy pa rin ako sa pagkilos.

BARINGKUAS : Bago kayo sumapi sa BHB, ano ang mga naging karanasan niyo sa pag-oorganisa?

Ka Marly : Isa ako sa mga nakipagtulungan sa masang magsasaka sa pagsusulong ng kanilang kampanya laban sa mapangwasak na proyekto ng gubyrno dito sa rehiyon noong 1991- 1996. Isa nga ito sa mga masasabi kong dahilan kung bakit ko napangibabawan ang mga kontradiksyon sa hanay namin at tunay na nagpatatag sa kapasyahan ko sa pagkilos.

Kabilang sa kampanyang ito ang pakikibaka ng masa laban sa pagtatayo ng dalawang malalaking dam sa Nueva Vizcaya, ang *Diduyon Dam Hydro-Power Plant* at *Casecnan Multi-Purpose Dam* na tinaguriang mga higitang dam. Pangunahin kasing biktima dito ay mga minoryang Bugkalot at mga katutubong galing ng Cordillera, na basta nalang pinapalayas mula sa kanilang aneutral na lupain, dahil lamang sa mga proyektong ito, kasama na ang pagmimina sa kanilang lugar.

Maliban dito, *resettlement area* ang lugar para sa mga minorya na naging biktima din ng pagpapalayas dahil sa mga pagmimina ng dayuhan sa dati nilang rehiyon sa Cordillera. Kaya kung hindi pa sila lalaban, mapapalayas sila ulit dahil sa mapangwasak na



proyekto ng rehimeng Corazon Aquino at Fidel Ramos.

Naging tungkulin ko noon ang mag-organisa sa mga komunidad. Kasama dito ang pag-oorganisa sa sektor ng mga manggagawang pangkalusugan at pagsasanay sa mga *health workers* sa baryo, pagtuturo sa paggamit ng halamang gamot at akupangtura. Malaki ang naitulong nito sa mga masa dahil karamihan sa kanila ay kulang o walang perang pangpa-ospital, maliban pa sa malayo ang mga ospital. Kaya kailangan

maraming oportunidad para makapagtrabaho, kahit pa bago ako makapagtapos ng pag-aaral. May mga kamag-anak at kaibigan kami na nakahandang tumulong para makakuha ako ng trabaho, kahit pa hindi ako makakuha ng board exam, dahil nga sa kakulangan ng midwife sa amin. Pero naging mas matimbang sa akin ang kapasyahang maghukbo. Kaya, hindi nagtagal, sumampa na ako sa BHB. At sa hukbo ko na ipinagpatuloy ang pagsasapraktika ng lahat ng kaalaman ko sa gawaing medikal.

akong makaangkop at malapit sa mga kasama at masa. Sinisikap ko na laging mainit ang pakikitungo ko sa kanila at ipinapakita na nakahanda akong makinig sa lahat ng panahon.

BARINGKUAS: Anong partikular na karanasan ang masasabi niyong patunay sa inyong katatagan bilang isang babae sa rebolusyonaryong kilusan?

Ka Marly : Ang masasabi kong tunay na sumubok sa katatagan ko bilang isang babae sa rebolusyon ay ang pagiging isang ina. Bago ko kasi isilang ang aming panganay, naihanda na namin kung kanino namin ipapaalaga ang aming anak. Noong una, bukas naman ang pamilya ng asawa ko na alagaan ang bata. Pero pagkatapos ko nang manganak, bigla na silang umatras sa pag-alaga sa bata. Sa panahon ding iyon, kailangan ko nang pumasok sa yunit dahil may kumperensiya sa medikal na dapat kong daluhan.

Kaya mula syudad, kasa-kasama ko pa rin ang anak ko dahil nga wala namang ibang pag-iiwanan sa kanya. Para makadalo sa kumperensiya, nagdesisyon ang mga kasama na iwan ko muna pansamantala sa baryo ang bata. Kaya iniwan ko siya sa mga masa. Pagkatapos ng dalawang linggo, binalikan ko siya para ayusin kung kanino namin siya iiwan upang alagaan hanggang lumaki. Mabuti na lang at may malapit na kamag-anak ang asawa ko na tumanggap na alagaan ang bata.

Ang pangalawang anak namin, ay hindi kagaya ng panganay na istable. Kaya hindi sila nagkasamang lumaki. Naging malayo ang loob niya sa akin. Pero iniisip ko na lang ngayon na darating din ang panahon na mauunawaan rin niya ang rebolusyonaryong kilusan, na kinaroroonan ko ngayon. Patuloy pa rin akong humuhugot ng lakas mula sa masa at pinapatatag ng

“

Kasabay ng pagtangan sa prinsipyo ng kolektibong paggawa ay kailangan ang tapang at kahandaan sa bawat rebolusyonaryong tungkulin”

talaga nilang matutunan ang libre o pinakamurang pamamaraan sa paggamot sa mga karaniwang sakit, na sa paraang epektibo at ligtas, at syempre siyentipiko pa rin.

BARINGKUAS : Kailan kayo sumampa sa BHB, ano ang nagtulak sa inyo upang maghukbo?

Ka Marly : Noong aktibista pa lang ako, pana-panahon akong pumapasok sa mga yunit ng BHB, lalo sa panahon ng anibersaryo ng Hukbo at Partido. Dahil sa pakikipamuhay ko sa mga yunit, naintindihan ko ang pangangailangan ng armadong pakikibaka, kaya nagkaroon talaga ako ng perspektiba na maghukbo.

Hanggang naging mainit na ako sa mata ng kaaway. Pero hindi naman ito ang pangunahing nagtulak sa pagsampa ko sa Hukbo. Sa totoo lang,

Sumampa ako noong kalagitnaan ng 1999. Sa Hukbo, agad akong naging kagawad ng Pangrehiyong Istep ng Medikal (Regional Medical Staff) mula 1999 hanggang 2004, at naging *front medical staff* din ng larangan. Maliban sa gawaing medikal, naging tungkulin ko rin sa Hukbo

ang pagiging Giyang Pampulitika, at Pampulitikang Instruktor. Sa Partido naman, naging opisyal ako sa edukasyon sa Komiteng Larangan at OD.

BARINGKUAS : Bilang isang opisyal sa isang Komite ng Partido, paano niyo napapangibabawan ang mga lumilitaw na suliranin sa bawat gawain?

Ka Marly : Kasabay ng pagtangan sa prinsipyo ng kolektibong paggawa ay kailangan ang tapang at kahandaan sa bawat rebolusyonaryong tungkulin. Tinanggap ko ang mga gawain sa kabila ng kakulangan sa karanasan, mula sa pagiging istap medikal, edukasyon, opisyal sa organisasyon, at opisyal sa pinansya sa Larangan. Hindi rin naman ako nahirapan sa mga ibinigay na gawain dahil mabilis

Partido para mas epektibong harapin ang mga kaaway sa uri, at ang mga kontra-mamamayang hakbangin nila.

BARINGKUAS: Naranasan niyo nang madakip at makulong sa nakaraan. Paano niyo napangibabawan ang naranasan sa loob ng kulungan?

Ka Marly : Naranasan kong madakip at makulong sa loob ng halos 2 taon. Tatlong beses nga ako nalipat-lipat sa magkakaibang kulungan sa magkakahiwalay na probinsiya dahil lamang sa mga gawa-gawang kaso. At dahil nga gawa-gawang kaso lamang, di naglaon ay napalaya rin ako. Sa loob ng kulungan, hindi ako tumigil para ipaglaban ang kapakanan ng mga kasamang detenido. Iginiit namin ang aming mga karapatan sa sapat na pagkain at malinis na kapaligiran. Kahit ang iskedyl ng regular na pagpapainitsalabasat pagrerelaks. Nagamit ko din ang kaalaman sa gawaing medikal. Pinayagan ng mga personel sa bilibid na ipasok ang mga akupangtura at ipalaganap ang tamang paraan ng paggamit ng halamang gamot. Kaya nakakapagbigay pa rin ako ng serbisyo medikal sa mga nakakulong hanggang sa mga personel ng kulungan. Nagkapagbigay din ako ng edukasyong pangkalusugan doon.

May mga naging problema din habang nasa loob, pero kaagad ko ring napangibabawan dahil nanatili sa akin ang mataas antas ng ahitasyon. Lagi kong iniisip ang masa, ang matinding pagsasamantala sa kanila ng mga naghaharing uri at ang tumitinding pag-atake sa kanila. Hindi ko kinalimutan ang aking pamilya at mga kasama. Ipinangako ko sa sarili na babalik ako sa Hukbo pagkalaya ko.

BARINGKUAS: Ano ang i n y o n g mensahae sa lahat ng



kababaihang Pilipino ngayong buwan ng Kababaihan?

Ka Marly : Sa lahat ng kababaihang Pilipino, alam kong matagal niyo nang nararamdaman ang matinding pang-aapi at pagmamaliit ng lipunan. Dahil sa kultura na ipinapalaganap ng mga naghahari, nanatiling mababa, mahina, pambahay at pangdisplay lamang ang turing sa mga kababaihan, na siyang dahilan ng nararanasang partikular na pang-aapi at pagsasamantala.

Ang pinakamahusay na pagdiriwang sa Buwan ng kababaihan ay hindi ang pagtanggap sa magagandang regalo, bulaklak, tsokolate o mga pampaganda. Kundi ang mismong paglahok sa tunay na pakikibaka ng kababaihan para sa panlipunang paglaya, ang paglahok sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan.

Kaya bilang isang kasamang babaeng rebolusyonaryo, hinihikayat ko kayo na lumahok sa digmang bayan, sa armadong

rebolusyon at sama-sama nating ipaglaban ang ating karapatan at kamtin ang isang lipunang pantay-pantay. Sa Rebolusyon ang tunay na lugar ng kababaihan. **B**

(Pagdakip...)

sa bayan ng Baggao noong Disyembre 2020, na kung saan ay nadakip si Amanda Echanis na isang buwang kapapanganak. Kasabay rito ang paghalughog rin sa tahanan ng organisador ng magsasaka na si Isabelo Adviento.

Ganundin ang nangyari sa pagkakahuli ng kapitan ng barangay Agaman Norte na si Ruben Salvador noong nakaraang Pebrero 8 sa katulad na bayan.

Hindi rin mapag-iiba ang pamamaraan ng paghalughog ng mga pulis sa barangay Villaflor, Cauayan, Isabela na kung saan ay nadakip sina Virgilio dela Cruz, Jerry Ramos at Herminio Ramos noong Enero 23. Aktibistang magsasaka ang mga ito na nakatira sa nabanggit na barangay.

Sa mga kasong ito ng pagtanim ng ebidensya laban sa mga aktibistang magsasaka, nadaragdagn lalo ang mga pruwera laban sa layunin ng mga pulis, sa atas ng mga militaristang kumander sa loob ng rehimeng Duterte, na pigilan ang mga makatwirang pakikibaka ng mga magsasaka laban sa pang-aagaw ng lupa, mataas na interes ng pautang, napakamamahal na farm inputs, binabarat na produktong agrikultural at iba pang anyo ng pagyurak sa kanilang mga karapatan bilang magsasaka. **B**

Interbyu:

Ka Elias Almazan

Political Officer

Fortunato Camus Command-New People's Army

"ANG TIRANO AT PAPET NA REHIMENG DUTERTE ANG NUMERO UNONG PARA-REKRUT NG NPA"

Para sa okasyon ng ika-52 anibersaryo ng pagkakatatag ng NPA, isinagawa ng istap ng Baringkuas ang interbyu sa isa sa mga pangunahing lider ng NPA sa rehiyon ng Cagayan Valley. Ang sumusunod ang bahaging ito:

Baringkuas (B): Idadaos natin sa Marso 29 sa buong bansa ang ika-52 anibersaryo ng pagkakatatag ng NPA. Hinggil dito, ano ang mga nagbago o iniunlad ng NPA at ang itinataguyod na digmang bayan sa ating rehiyon?


Elias Almazan (EA): Sa nagdaang isang taon ay nakapagkamit ang armadong rebolusyonaryong kilusang masa sa rehiyon ng mahahalagang tagumpay sa lahat ng larangan ng gawain. Lumaki ang pwersa ng mga yunit ng NPA ng 35-55 porsyento. Nakapagsagawa ng ilang *batch* ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar at iba pang espesyal na pagsasanay na nagpataas sa kakayahan ng mga opisyal at mandirigma sa iba't ibang gawain sa pagsasagawa ng rebolusyonaryong digma.

Nakalipol ng mga yunit at pwersa ng *Armed Forces of the Philippines* sa pamamagitan ng mga matatagumpay na taktikal na opensiba. Katulad ng mga labanan sa bayan ng Rizal, Gattaran at Sta. Teresita sa Cagayan. Mahigit 50 ang naging kaswalti sa tropang pandigma at pampaniktik ng AFP sa mga naisagawang aksyon-militar ng NPA sa rehiyon. Pero hindi ito inaamin ng militar at binabaliktad ang mga ibinabalita

sa midya. Dalawa namang dependensibang labanan ang nangyari na kung saan ay nagbuwis ang apat na opisyal at mandirigma na NPA.

Lumawak at lumalim pa ang konsolidasyon sa mga base at sonang gerilya. Pinahihinog ng kalagayan na makapagtayo ng mga bagong larangang gerilya na iba pa sa mga dati nang nakatayo, at lahat ng larangang gerilya ay magkakaroon ng antas-kumpanya na pwersang gerilya na.

Bilang pangunahing tungkulin ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong digma, pinanghawakan ng NPA sa rehiyon ang agraryong rebolusyon bilang susi sa kabuuang tungkulin na umabante ang mga gawain sa kanayunan. Lalo pang humigpit ang ugnay ng mga yunit at mandirigma ng NPA sa mga masang magsasaka dahil sa mga naisagawang kilusang masa para labanan ang mga iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga baryo at bayan nila. Kagaya ng pang-aagaw sa lupa, mataas at patung-patong na interes sa pautang at mababang pasahod sa mga manggagawang-bukid.



Ginagabayan ng mga yunit ng NPA ang mga organisasyon ng magsasaka sa paglaban para sa kanilang mga mithiin.

Dumami pa ang mga mamamayang pumaloob sa mga rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka, kababaihan, kabataan, pambansang minorya at panggitnang pwersa. Dumami ng ilampung porsyento ang mga Komiteng Balangay ng mga organisasyong ito. Sa mga baryong lubos nang organisado ang mga tao, naitatag rin ang mas madaming Komiteng Rebolusyonaryo sa Baryo.

B: Target ng rehimeng Duterte na durugin ang CPP-NPA-NDF sa 2022 sa pagtatapos ng termino nito. Anong masasabi niyo?

EA: Nangangarap nang gising sila Duterte kung sinasabi nilang madudurog

ang rebolusyong kilusang masa, mahigit isang taon lamang magmula ngayon. Sa katunayan, ilang beses nang binago ng rehimen ang target nitong durugin ang NPA. Ganundin ang lahat ng mga nagdaang rehimen magmula noong panahon ni Marcos na nangtarget na tatapusin nila ang NPA sa loob ng kanilang termino. Pero, lahat sila ay nabigo.

Sa nagdaang ilang taon ay pinaigting pa ng rehimen Duterte ang pag-atake sa rebolusyong kilusan. Pinalaki ang pwersang militar nito, gumagamit ng mauunald na teknolohiyang pampaniktik kagaya ng *drone* at iba't ibang gadyet na pangsubeylans. Bumili ng bilyong halagang mga armas kagaya ng *attack helicopter, bomber plane, howitzer* at *assault rifle*. Binuo niya ang *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC) na binuhusan niya ng bilyun-bilyong pondo.

Sa Cagayan Valley, magmula sa apat na pangmanibrang batalyon ng Army noong 2017 ay ginawa nilang anim na batalyon noong 2020. Pinaigting pa nila ang mga operasyong militar at nagpatuloy ang pagpapatayo

ng mga kampo at detachment at pagbababad ng tinatawag na *Reooled Community Support Program* (RCSP) sa baryo. Pinipilit at nilililang ang mamamayan para mag-CAFGU. Pinaunlad pa nila ang mga mapanlinlang na aktibidad, kahit pa ang ilan ay dati na nilang ginagawa, katulad ng pagpilipit sa kamay ng mga *Local Government Unit* para iproklamang "persona non grata" ang NPA sa mga lugar nila. Gayundin ang madaming bogus na pagpapasurender na pinagkukuhanan ng mga opisyal ng *5th Infantry Division* ng maibubulsang kurakot.

Bagama't gaya ng nabanggit na, lahat ng ito ay nabigo sa pagpapahina sa NPA at rebolusyong kilusan, at sa halip ay lumakas pa nga ito. Kaya ng rebolusyong kilusan na magpalakas kung alam nitong harapin at labanan ang lumalalang kontra-rebolusyong digma ng rehimen Duterte, na papet ng imperyalistang US at China.

B: Alam natin na ang paglakas ng NPA ang susi para umunlad ang lahatang panig na tungkulin ng rebolusyon. Paano mapapalaki ang pwersa ng hukbong bayan sa kasalukuyang kalagayan?

EA: Ang tirano at papet na rehimen Duterte ang numero unong para-rekrut ng NPA. Dahil sa mga malulupit na patakaran at mga hakbangin nito at sumasahol na pagsasamantala at pagdurusa ng mamamayan sa loob ng kanyang paghahari ang pangunahing nagtutulak sa mamamayan para mahimok, matuto at aktwal na lumahok sa makatwirang armadong pakikibaka.

Tingnan na lamang ang mga huling pangyayari. Kagaya ng pagreyd ng mga tauhan ng PNP sa mga tahanan at opisina ng mga aktibista sa CALABARZON, na kung saan ay siyam na aktibista ang pinatay at anim pa ang inaresto. At ang pagtanim ng mga baril, pagdedemanda ng kasong murder at *illegal possession of firearms and explosives* at pagbibigay ng mandamyento de aresto sa mga lider ng mga progresibong organisasyon na nauna nang *ni-redtag*. Layunin ng rehimen na lansagin ang pinaghihinalaan nilang pinanggagalingan ng suporta ng NPA magmula sa mga syudad, at gayundin ang inaakala nilang matatakot at titigil sa pagkilos ang mamamayan sa kalunsuran kung iteterorisa ang kanilang estado.

Subalit ang resulta ng lahat ng ito ay taliwas sa layunin nila. Dahil gaya noong panahon ng diktadurang Marcos, ang ganito kalupit na pandarahas at pagyurak sa karapatan ng mamamayan ay lalong magtutulak sa kanila upang mamulat, tumindig, lumaban at sumang-ayon na wasto at makatwiran lamang ang humawak ng armas sa harap ng terorista at kontra-mamamayang karahasan ng estado.

Sa katunayan, lumaki ang pwersa ng NPA sa maraming rehiyon sa buong bansa at ganundin sa Cagayan Valley dahil sa pagsampa ng mga mamamayang ginigipit, naka-*redtag* at pinagtatangkaang dadahasin ng mga armadong pwersa ng estado.

Ang sukdulang pasismo ng estado ay isinabay pa sa paglala ng krisis ng ekonomiya na dahilan ng mahigpit na paglala ng krisis ng ekonomiya, na mauugat sa napakahigpit na pagpapatupad ng rehimen Duterte sa patakarang neoliberal ng mga imperyalista,

“

ang ganito kalupit na pandarahas at pagyurak sa karapatan ng mamamayan ay lalong magtutulak sa kanila upang mamulat, tumindig, lumaban at sumang-ayon na wasto at makatwiran lamang ang humawak ng armas sa harap ng terorista at kontra-mamamayang karahasan ng estado

”

at siya ring dahilan ng paglala ng krisis ng sistemang kapitalista sa buong mundo. Lalo pa itong tumindi sa panahon ng pandemya, na kung saan ay masasaksihan ang mas maliwanag na larawan ng kapabayaang ng rehimeng Duterte. Dumadami ang nahihimok na walang maaasahang kinabukasan sa ilalim ng rehimeng Duterte at ang kasalukuyang sistemang mapagsamantala at mapang-api.

Lahat ng ito ay obhetibong nagtutulak sa dumaraming mamamayan para lumapit at aktwal na lumahok sa NPA at digmang bayan. Ang nararapat na gawin ng mga rebolusyonaryong pwersa ay magpakahusay na umugnay sa lumalawak na hanay ng mamamayan, gisingin ang kanilang rebolusyonaryong kamulatan sa pamamagitan ng pagdurugtong sa mga kanilang mga kagyat na mithiin sa mas malawak at pangmatagalang pambansa at demokratikong interes nila, at igiya ang kanilang paglaban patungo sa daan ng armadong rebolusyon at aktwal na pagsapi sa NPA.

B: Sinasabi ng rehimeng Duterte at iba pang propagandista ng imperyalismo na ang digmang

bayan na isinasagawa ng CPP-NPA-NDFP ay isang “nabigong rebelyon”. At ang Komunismo diumano ay isang nabigong ideolohiya dahil sa iwinaksi na ito ng mga dating sosyalistang bansa kagaya ng China at Russia. Anong masasabi niyo?

EA: Ang walang katapusang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, na ang dahilan ay ang kumukubabaw ditong krisis ng sobrang produksyon ng sistemang kapitalista sa mundo, ang kongkretong batayan kung bakit nagpapatuloy na itinataguyod at umaabante ang demokratikong rebolusyong bayan. Ito ang matabang lupa na siyang batayan upang hindi magupo, sa halip ay nakapagpapalakas pa ang mga rebolusyonaryong pwersa para sa pambansang kalayaan at demokrasya, sa kabila ng magkakasunod na pasistang rehimeng papet ng imperyalistang US, mula sa panahon ni Marcos at hanggang ngayong panahon ni Duterte.

Nagpapatuloy na sosyalista ang perspektiba ng Pambansa-Demokratikong Rebolusyon na pinamumunuan ng Partido

Komunista ng Pilipinas. Sa kasaysayan ng sangkatauhan, sa pamamagitan lamang ng panlipunang sistemang sosyalista malalaspang ng mga pinagsasamantalahan at inaapi na magkaroon ng sariling paghahari. At mapagsisilbi nila ang lipunan sa pagpawi ng makauring pagsasamantala at para makamit ang pag-unlad ng kanilang kalagayan. Sa ilalim ng sistemang kapitalista at imperyalista, walang kinabukasan ang mamamayan kung hindi kadiliman at kawalang pag-asa. Habang nilalabanan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang imperyalismo at lokal na mga papet nito, nilalabanan din nila ang rebisyunismo na dahilan ng panunumbalik ng kapitalismo sa mga dating sosyalistang bansa.

Magpapatuloy ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan hanggang mawakasan ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo at hanggang makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya. **B**

Baseng Masa ng Rebolusyon: Lumalawak, Lumalalim

“Patuloy na lumalawak at lumalalim ang suporta ng masa sa makatarungang digmang bayan.”

Ito ang inihayag ni Elias Almazan, ang pampulitikang opisyal ng *Fortunato Camus Command* ng *New People's Army* na nag-ooperey sa buong Cagayan Valley. Sa isang panayam ng staff ng BARINGKUAS, idiniin niya na hindi nahadlangan ng maiigting at masinsing mga operasyon ng *Armed Forces of the Philippines* at *Philippine National Police* ang pagdami at pagkakonsolida ng rebolusyonaryong baseng masa sa rehiyon.

Idinagdag ni Ka Elias na “habang abala ang AFP at PNP sa panapanahong paglulunsad ng mga laking-batalyon o –brigadang operasyong militar at matatagal na pagbababad ng mga *Retooled Community Support Program* sa mga baryo, nagpapalawak at

nagrerekober din ang mga yunit ng NPA sa dumaraming bilang ng mga baryo at bayan na hindi saklaw ng mga nakapokus na operasyong militar ng kaaway. Nadagdagan ng ilang libong bagong baseng masa ang mga larangang gerilya mula pagsisimula ng 2020.”

Sinabi niya na “hindi lamang naaabot ng mga platun ng NPA ang mga magkakarugtong na baryo at komunidad sa mga interyor at gilid ng mga kabundukan, kundi kumikilos pa sila sa kapatagan at tabi ng mga haywey at dagat.” Idinagdag niya na sa lahat ng mga lugar na bago uling nababalikan ng rebolusyonaryong hukbo, mainit pa rin ang pagsalubong sa kanila ng mga masa, lalo iyong mga nagdurusa sa kahirapan at pagsasamantala.

“Palagi nga kaming napupuyat kung tumutuloy kami sa mga tahanan ng mga masa sa dami ng mga idinudulog nilang problema at sigla ng pakikipagtalakayan nila sa amin”, ang nakangiting sinabi ni Ka Guillermo. Idiniin ni Ka Isagani na walang kuwenta at lantay na propagandalamang ang ginagawa ng mga militar na pamimilit sa mga *local government unit* na magdeklara ng pagiging “persona non grata” ng NPA. Dahil ang mga mamamayan mismo ang humihiling ng pagpunta ng NPA sa kanilang lugar para idulog ang kanilang mga suliranin.

Dinetalye niya ang mga hinarap ng mga yunit sa ilalim ng *Fortunato Camus Command* na mga isyu ng masa na nagpadulas at nagpahigpit sa relasyon ng NPA sa masa: “Kabilang sa mga tampok na suliranin ng mga magsasaka at pambansang minorya sa mga naturang lugar


ang malaganap at sari-saring anyo ng pangangamkam ng lupa. Pangunahing isinasagawa ito ng malalaking panginoong maylupa, pribadong kompanya, ahensya ng gubyerno at mga kontraktor nila.

“Gayundin ang sari-saring anyo ng mala-pyudal na pagsasamantalang kagaya ng napakataas na interes sa pautang at mga kaugnay nitong anyo na nagpapasahol pa sa pagkakalubog sa utang ng mga umuutang, mababang presyo ng produktong magsasaka, at mga anyo ng komersyanteng pandaraya sa pagbili ng mga produkto ng mga magsasaka. Para sa mga masa, ang NPA lamang ang nakikita nilang tapat at masiglang naghahapag ng wastong solusyon sa mga isyu nila.”

Nabanggit din ni Ka Isagani na kahit sa mga baryo at bayan na saklaw ng matagalang operasyon at pag-upo ng RCSP ng AFP, patuloy na nakikilusan at hindi naiwanan ng NPA. Upang lihim na maabot ang mga militarisdong baryo ay nagpapadala ang mga platun ng mas maliliit na yunit para umugnay sa masa at maglunsad ng mga kakayaning gawain na angkop sa kalagayan.

“Inutil ang mga operasyon at psy-war ng kaaway dahil madaling maunawaan ng masa na ang AFP ay nagpapanggap lamang na nagbago na mula sa dati nitong katangiang kontra-mamamayan.

At ang mga aktwal nitong



ikinikilos ay nagpapakitang tagapagsilbi ito sa interes ng mga mapagsamantalang uri.”

Dagdag ni Ka Isagani: “Kaya hindi epektibo ang mapanlinlang na propaganda at psy-war ng kaaway, at hindi nababago ang rebolusyonaryong kamulatan na ilang dekada nang naitanim at sumibol sa hanay ng mamamayan.

“Kung anong itinanim, ay siya namang aanihin. Ang lumalalang pang-aapi ay lilikha lamang ng mas matinding paglaban. Sa buong rehiyon, kumakalat ang mga hayag at lihim na paglaban ng mamamayan, na ang dumadami sa kanila ay sumusuporta at lumalahok sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Lumalawak ang saklaw na teritoryo at dumaraming mga baryo at klaster ng mga baryo ang natatayuan ng mas matataas na antas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika nila.”

Ipinaliwanag ni Ka Isagani na kailangang panghawakan ang dialektikal na relasyon sa pagitan ng pagpapalawak/pagrekober at ng pagkokonsolida ng baseng masa. “Kahit pa ipinapanguna sa kasalukuyan ang pagpapalawak, kailangan ding kumbinasyunan ito ng pagpapatatag ng baseng masa. Magpalawak batay sa pagpapatatag. Mali kapag puro pagpapalawak lamang ng baseng masa pero nabibitawan naman ang pagpapatatag; at mali rin kung puro pagpapatatag lamang nang walang pagpapalawak. Kailangang paalun-alon ang relasyon ng mga ito.” **B**


150 Taon ng Komuna ng Paris

Marso 18 ng taong ito ang ika-150 anibersaryo ng Komuna ng Paris. Naganap ito mula Marso 18 hanggang Mayo 28 noong 1871 (sa loob ng 70 araw) sa Paris, ang kapitolyo ng bansang France.

Sa kasaysayan ng mundo, ang Komuna ng Paris ang naging kauna-unahang pag-agaw ng kapangyarihang pampolitika ng uring manggagawa at pagtatayo ng sarili nilang paghahari, ang diktadurya ng proletaryado.

Naganap ito pagkatapos ng giyera sa pagitan ng burges na estado ng France at burges na estado naman ng Prussia (Germany ngayon) noong 1870. Pagkatapos matalo ang mga Pranses at mahuli ang emperador nila na si Napoleon III, pinalibutan ng mga German ang Paris. Nakontrol ang mga National Guard, ang pwersang milisya ng France, na pangunahing binubuo ng mga manggagawa sa Paris.

Isusuko na sana noon sa mga German ang burges na gobyerno ng France, na pinamumunuan ni Thiers ng Paris. Ngunit noong didis-armahan na ang mga tropa ni



Thiers, ang mga National Guard, tumutol at nag-alsa ang mga ito at itinayo nila ang Komuna ng Paris. Hinawakan ng mga rebolusyonaryong manggagawa ang liderato ng Komuna, na kung saan ay 18 ang Marxista, kahit pa mayorya ay Blanquista at Proudhonista.

Sa mga sumunod na araw, ipinatupad ng Komuna ang mga hakbanging rebolusyonaryo at demokratiko para sa interes ng uring manggagawa at laban sa burgesya ng Paris. Bagama't may mga nagawang pagkakamali ang Komuna, na isang dahilan ng pagkatalo nito sa mga burgesya.

Hindi nakayanan ng Komuna na tumindig sa malawak na hanay ng kontra-rebolusyonaryong pwersang kaaway nito. Nagkaisa lahat ng burges na guberno sa paglipol rito. Matapos ang limang araw ng maigting na labanan ay nadurog ng burgesya ang Komuna. Nagbuwis ng buhay ang mahigit 1,000 milisya at hindi mabilang na Komyunard. Pagkatapos, inihelera sa firing squad ang mahigit 30,000 na Komyunard at inaresto pa ang 45,000, na karamihan sa mga ito ay pinatay o kaya'y hinatulan ng pagkabilanggo. **B**

KULTURA

HINDI LAMANG NUMERO ANG LIMAMPU'T DALAWA

*(Para sa ika-52 Anibersaryo
ng New People's Army)*

Lyudmila Salvador

Ito'y distansya, di sa kilometro o milya

Di lang paglakad, pagtakbo, o maneobra

Salamin ng pag-aaral, kapursigihan
at gabay ng Partido

Mula sa malalaking hakbang ng iilan

Inigpawan ang mga balakid,
lumago nang lumago

Umabante, nakarating ng ganito kalayo

Bigat itong di lamang sandaang tonelada

Higit pa ang nasa balikat,
tangan ng kamay na dalawa

Madurog lamang ang daang siglong
kaharian ng mga hari

Na malaon nang nakadagan
sa hangarin ng mamamayang api

Kasabay ng layuning lupiin,
patagin ang mga bundok

Ihukay ang mapagsamantala,
matapos gawing alikabok

Lawak ito, pero di masusukat sa ektarya

Di rin kakayanin ng isang
porsyentong didipa-dipa

Kung lahat ng panaho'y ituturing
bilang silid ng pag-unlad

Pagpapalawak ng makikilusan, di pa sasapat

Konsolidahin, paugatin ang
Marxismo-Leninismo-Maoismo

At malalapitan ang pintuan
papasok sa mundo ng Sosyalismo

Laki itong higit sa milyong metriko-kubiko

Tumitibay – bumabagsik man
ang kaharap na dyablo

Tumatanda – sa pagkalas
sa salasalabid na silo

Ibayong tagumpay,
tamang linya naman ang tangan

Baklasin ang tanikalang
humahatak sa mamamayan

Sa naghahari't AFP,
higit na malaki itong pagkabigo

Panahon ito ng signipikanteng pagtanda

Sa ilang dekadang atake
ng mga rehimeng terorista

Inaakala'y di na mararating ang taong ito

Reaksyunaryong hukbo
ang nalalapit nang gumuho

Malakolonyal, malapyudal
na lipuna'y nabubulok na

Hukbong bayan, dapat agawin
ang kapangyarihang pampolitika

Ito'y init na lampas-lampas na
sa libong sentigrado

Inianak ng pagkulo
ng galit ng sambayanan

Laban sa lumulupit na naghaharing estado

Pang-aaping pumapaso
sa lungsod at kanayunan-

Di nito kakayaning lusawin
ang armadong paglaban

At higit lalong naglagablab
ang apoy ng digmaan



Lumakas itong pwersa, di na lamang iilan

Napanday sa digma, di mayayanig
kahit lindol man

Opensiba sa interyor,
o atake paglabas nila sa garrison

Malalakas na suntok ng hukbong
bayani sa lahat ng panahon

Abanteng estratehikong dependsiba'y
nalalapit nang matamo

Kalayaan at demokrasya ang layuning kumon

Kuryente ito, mula sa likha
ng turbina na megaboltahe

Gumigising sa nalinlang,
nakakulong sa makapal na kable

Para gulantangin, sindakin
ang mga mayhawak ng pindutan

Nang maiwasang mahulog sa bangin,
maliwanagan ang daan

Sisindi ang ilaw, at kuryente'y
di magsasawa sa pagtakbo

Dahil wakas ng pagsasamantala'y
hangad na matamo

Halaga itong di mabibili
ng bilyong dolyar o piso

Walang perang tatapat sa inalay
na buhay ng mga rebolusyonaryo

Panginoong maylupa ma'y di makabili
ng tagumpay ng rebolusyong agraryo

Aral at tagumpay ay mas mahalaga
kaysa mamahaling kalakal

Sa mga proletaryo,
kaisa-isang pag-aari na ito

Pag-unlad nito'y dagdag na lubid
sa leeg ng kapitalismo

Ang limampu't dalawa
ay di lamang isang numero

Sa estratehiya, isa na itong gintong elemento

Isang letrang bahagi
ng kasaysayan ng digmang bayan

Siyang umukit sa halaga
ng Bagong Hukbong Bayan

Itinatag ng Partido,
mula sa halos walang anuman

Naging mas makinang pa sa dyamante
ngayong 2021